ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 20 Setyembre 24-30, 2018 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

## PAGLILINIS NG HANAY, INILUNSAD NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS' LEAGUE INC.

pahina 2




## DOE PUSHES OIL, GAS EXPLORATION IN PH WITH NEW CONTRACTING ROUND

p.4

## DAR-CAVITE DISTRIBUTES LANDS TO FARMERS

pahina 5

## MORE HEALTH WORKERS UNDERGOES PSYCHOSOCIAL INTERVENTION TRAINING IN CALABARZON

pahina 7

## Hicap, Galicia, Canlas, Rojano nanguna sa listahan ng executive sa 2018 Chooks to Go National Rapid Chess Championships

pahina 6

## 2018 YOUTH EMPOWERMENT BY UNLEASHING AWARENESS AND VALUES WITHIN THEM

p. 9

## OFWs, MAAARING MAGING MIYEMBRO NG SSS

pahina 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# PAGLILINIS NG HANAY, INILUNSAD NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS' LEAGUE INC.

**ISANG malinis at matapat na pakikipagtransaksyon.**

Ito ang pangunahing layunin sa adbokasiyang isinusulong ng Cavite Province Publishers' League, Inc (CPPLI) – Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI-Cavite Chapter) upang magkaroon ng isang panuntunan at pamantayan ang mga pahayagang akreditado ng mga 'regional trial courts' sa lalawigan ng Cavite at sa mga nagnanais pang kumuha ng akreditasyon.

Ang hakbang na ito ay inilunsad ng CPPLI bunga nang mga sinasabing 'hindi kanais-nais na mga insidente' na kinasasangkutan ng ilang 'publishers' ng mga lokal na pahayagan sa kabila ng mga ipinalabas na sirkular at iba pang panuntunan ng hukuman para sa implementasyon ng Presidential Decree No. 1079 (Revising and Consolidating All Laws and Decrees Regulating the Publication of Judicial Notices. Advertisements for Public Biddings, Notices of Auction Sales and Other Similar Notices). Ayon kay CPPLI President Rebecca Velasquez, karaniwang nilalabag ng ilang pahayagan ay ang pagkakaroon o opisina sa lalawigan kung saan ito ay may akreditasyon ng hukuman.

Patuloy nito, sa ilalim ng Section 1 ng PD 1079, isang bahagi nito ang may nakasaad na, "xxxx All notices of auction sales in extra-judicial foreclosure of real estate mortgage under Act No. 3135 as amended, judicial notices such as notices of sale on execution of real properties, notices in special proceedings, court orders and summonses and all similar announcements arising from court litigation required by law to be published in a newspaper or periodical of general circulation in particular provinces and/or cities shall be published in newspapers or publications published, edited and circulated in the same city and/or province where the requirement of general circulation applies: xxxx) [Highlights supplied] Ang probisyong ito ay hindi umano nasusunod ng ilang pahayagan, paglilinaw nito.

Naging kontrobersyal din ang napaulat na pagdalaw ng isang 'publisher' sa tahanan ng isang kawani sa hukuman sa oras ng gabi na kung saan hinihinalang 'para sa personal na kapakinabangan' ang tunay na pakay nito na tuwirang tinanggihan ng nasabing kawani. Tungo sa isang malinis, matapat at responsableng transaksyon sa pagitan ng hukuman at mga akreditadong pahayagan, ang 'pagdalaw' na ito ay itinuturing ng CPPLI na isang paglabag, hindi lamang sa 'professiopnal ethics' na dapat maging gabay ng mga 'publishers' at kinatawan ng mga pahayagan, kundi paglabag din sa Section 5 ng PD 1079 na nagsasaad na: " No publishers, editor, media personnel or any other person shall directly or indirectly offer or give money, commission or gift of any kind to executive judges of the court of first instance or any court employee in consideration of the award of legal and judicial notices and similar announcements defined in section 1 hereof. Neither shall the latter directly or indirectly demand of or receive from the former money, commission or gifts of any kind in consideration of any publication herein referred to.

" Walang dahilan upang magtungo ito sa bahay ng kawani ng korte, lalo na sa oras ng gabi, maliban na lamang kung may tangka itong 'kumbinsihin' ang kawani na sa kanya ibigay ang isang nakatakdang 'raffle' na may malaking halaga, ayon na rin sa opinyon ng iba pa nitong kasamahan.

Sa kasalukuyan, patuloy na nakikipag-ugnayan ang CPPLI sa iba pang korte sa lalawigan ng Cavite upang maging katuwang ng mga ito upang tiyakin na ang lahat ng mga pahayagang may akreditasyon mula sa hukuman ay may maayos at wastong dokumento na isinumite sa kanilang tanggapan.

Ito ang pangunahing layunin sa pagpapalabas noon ng PD 1079 na kung saan sinasabing "WHEREAS, to better implement the philosophy behind the publication of the above-mentioned notices and announcements and prevent cross commercialism and unfair competition among community newspapers, which conditions prove to be inimical to the development of a truly free and responsible press, it is necessary to revise and consolidate all laws and decree affecting the publication of judicial notices and other announcements herein referred to".

"Hindi lamang CPPLI ang makikinabang kung magiging patas ang lahat sa pakikipagtransaksyon sa korte, kundi lahat ng kasalukuyang pahayagang may akreditasyon at sa mga susunod pa. Sikapin nating maging maayos at matapat sa ating gawain bilang pagpapakita na rin ng paggalang sa hukuman na nagbigay sa atin ng oportunidad na magkaroon ng marangal na hanapbuhay," pahayag pa ng pangulo ng CPPLI. (elc)

# Presong namamatay sa Cavite, umakyat na naman

**UMAKYAT** na sa anim ang bilang ng naitatalang namatay na preso sa Dasmarinas City Custodial Center sa loob lamang ng mahigit isang buwan makaraang ideklarang patay ang isang 42-anyos na preso.

Kinilala ni SPO1 Elmo Cabobo, ng Dasmarinas City Police Station, ang namatay na preso na si Jonathan Rubia, alias Joana, ng Sitio Pook Brgy. Paliparan 3, Dasmarinas City.

Dakong ala-1:03 ng hapon nang ideklarang patay si Talatala habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City matapos na nakaranas ng hirap sa paghinga at biglang hinimatay habang nasa loob ng kulungan.

Ayon sa mga kasamahang preso, dalawang araw bago ang kanyang pagkamatay, si Talatala ay hindi umano kumakain.

Ayon sa mga doctor, Septic Shock, ST Elevation Myocardial Infarction Anterior Wall Killips IV and Acute Kidney Injury on Top of Chronic Kidney Diseases" ang umanoy dahilan ng kanyang pagkamtay.

Si Talatala ay naresto at nakulong lamang nitong Septembr 13 dahil sa kasong paglabag sa R.A 9165.

Sa unang Linggo ng Agosto, unang naitalang namatay si Rodlofo Martinez, 74, ng Block 5B Lot 109, Phase 1 Brgy 12 Dasmarinas City, dahil sa sakit na Septic Shock Community Acquired Pneunomina, isang high risk na sakit.

Inaresto at nakulong sa Dasmarinas Custodial Center si Martinez noong September 25, 2017 sa kasong Grave Threat in Relation to R.A. 9262.

Magkakasunod namang namatay sa nasabi ring ospital si Eddie Villas, 30, binata ng Blk 68 Lot 13 Zone 6 Bautista, Brgy Sampaloc 4, Dasmariñas City; at Freud Calvin, 36, ng Blk. 19 Lot 15 P1 City homes Resort Ville Brgy Langkaan 2, Dasmariñas City matapos na nakaramadam ng hirap sa paghinga at pananakit sa ulo.

Si Villas ay nahaharap sa kasog paglabag sa RA 9165 habang kasong Rape with homicide naman ang kinakaharap ni Calvin .

Noong August 17, 2018, si Eugenio Catre, binata ng Block D-12 Lot 16, Brgy. San Andres 2 Dasmarinas City ay idineklarang dead on arrival sa pagamutan matapos itong mawalan ng malay.

Si Catre ay inaresto at ikinulong sa Dasmarinas Custodial Center noong June 23, 2018 dahil sa paglabag sa RA 7610 (Physical Abuse).

Noong August 18, isinugod naman sa nasabi ring pagamutan si Nicanor Pamplona, 47, ng Block 5 Lot 85 Razon St., Brgy. Esteban, Dasmarinas City matapos na nakaranas ng hirap ng paghinga sa loob at idineklarang patay dahil sa Acute Respiratory Failure due to Septic Shock set to Community Acquired Pneumonia PTB.

Si Pamplona ay inaresto at nakulong noong July 8, 2018 sa kasong paglabag sa Sec 5 at 11 ng R.A. 9165.

**GENE ADSUARA**



**SENDING HELP FOR THE INDIGENT MEMBER OF THE COMMUNITY:** Governor Boying Remulla closely monitored the welfare of his constituents and quickly sent assistance to the fishing communities of the province who were affected by typhoon Ompong. He particularly visited the citizens of Cavite City and distributed rice and relief goods to 6,000 residents as he checked the condition in the locality on September 17, 2018. The distribution which was held at Barangay Dalahican and benefitted eight barangays was part of the welfare programs of the provincial government thru the Provincial Social Welfare and Development Office headed by Ms. Felipa Servañez. Local officials, including Mayor Totie Paredes, Vice Mayor Denver Chua, and the members of the city councils conveyed their appreciation to Governor Remulla for swiftly responding on the needs of the poor families who were not able to go fishing due to heavy rains and strong winds recently. Also present during the distribution of rice subsidy were Vice Governor Jolo Revilla and Indang Councilor Ping Remulla. Some employees from the provincial government also assisted the members of the PSWDO in the distribution proper. —**(PICAD)**

## KALIBRE

**ROMY SANTOS**
**0977-7844136**



# Mas masarap sumilip ng mali kung ikaw ay nasa tama

UMANI ng iba't ibang bad comments ang viral video ng mag-amang nagpakilalang Press na nakipagtalo at nakipagkulitan sa pulis na nanita sa kanila bunga ng kapwa walang suot na helmet habang nagmamaneho o sakay ng single motorcycle.

Maging ang mga lehitimong mamamahayag ay may kanya-kanya ring komento.

Kabilang sa komento ay ang napunang malaking Press ID na nakasabit o suot ng matanda o tatay.

Hindi nakaligtas sa mga mata ng mga legitimate reporters, hehehe.

Noong araw uso pa ang malalaking Press ID, kung tawagin nga ay pamaypay.

Nakagamit na rin ako ng malalaking Press ID noong mga panahong correspondent ako ilang daily tabloid newspaper.

Nakakatawa o nakakatuwa lang na uso o ginagamit pa rin pala sa ngayon ang malaking Press ID.

Paliitan na nga ang sukat ngayon, puwedeng wallet size o parang ATM card ang style na matigas.

Ako ay hindi magkokomento bagkus ay payo lamang sa pangyayaring iyon.

Hindi lamang doon sa mag-ama kundi maging sa kabaro o kapwa natin mamamahayag.

Lalo na sa mga gumagamit o nagmamaneho ng single motorcycle.

Iwasan at kung maaari ay huwag gamitin o ipagyabang ang estado natin bilang nasa larangan ng pamamahayag.

Kung ikaw ay mali ay huwag mo ng ipilit na ikaw ay tama sa pamamagitan ng paggamit ng iyong kapangyarihan.

Mas masarap sumilip o humanap ng mali kung ikaw ang nasa katwiran o tama.

Sa mga 'Oplan Sita o Checkpoint' kung tutuusin ay mayroong ilang mali riyan.

Kung ikaw ay lehitimo at matinong mamamahayag, alam mo na marahil ang ibig kong sabihin.

Rider o driver ka, sinita ka ng mga pulis at hinihingi sa iyo ang lisensiya at mga papeles ng motorsiklo na dapat ay sundin mo talaga kahit sino ka pa man.

Kung ikaw ay kumpleto sa lahat dagdag pa na nakasuot ng helmet o iba pang kailangan sa pagmamaneho ng motorsiklo, pagkakataon mo iyon upang ikaw ang manita o magtanong sa mga pulis at doon ka lamang magpapakilala bilang Press people.

Tama ba Pareng Rudy?



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Dahil sa katiwalian sa pondo, dapat buwagin na ang Kamara

**INSPIRASYON SA BUHAY: "…** Nananalig ako sa pag-ibig mong wagas, magagalak ako dahil ako'y iligtas. O Yahweh, ika'y aking aawitan, dahil sa iyong masaganang kabutihan…" (Awit 13:5-6, Bibliya).

-ooo-

**DAHIL SA KATIWALIAN SA PONDO, DAPAT BUWAGIN NA ANG KAMARA:** Yung ibinunyag ni House Minority Leader at Quezon Province Rep. Danilo Suarez ukol sa paglalagay ng ilang kongresista ng daang milyong pisong bahagi ng 2019 national budget sa distrito ng ibang kongresista ay mabigat na dahilan upang tuluyan ng buwagin ang House of Representatives at ang Senado.

Isipin po natin, wala na ngang buting idinudulot ang marami sa ating mga mambabatas sa mataas at mababang kapulungan ng Kongreso, nakakapagpalusot pa sila ng daan-daang milyong pisong pondo ng gobyerno para sa kanilang sariling pakinabang, na dapat ay sa kagaingan lamang ng sambayanan pupunta.

Sa ngayon, may hamon ako kay Suarez: pangalanan niya at usigin ang kongresista, o mga kongresista kung higit sila sa isa, na diumano ay nagpalagay ng P500 milyong pondo mula sa national budget para sa 2019 sa distrito ng ibang kongresista. Maliwanag na graft and corruption, kung hindi man plunder ang ginawang ito ng kongresista. Kung hindi ilalabas o uusigin ni Suarez ang mga gumawa nito, magkakaroon din siya ng pananagutang kriminal dahil sa pananahimik niya.

-ooo-

**MGA PATOTOO NI JESUS NA SIYA ANG DIYOS, AMA, ANAK, AT ESPIRITU SANTO (VIII):** Sa ikalawang misteryo sa tuwa sa Rosaryo ng mga Romano Katoliko, ang pagtungo o pagdalaw ni Maria sa pinsan niyang si Elizabeth matapos na naunang puntahan ng anghel na si Gabriel si Maria, maliwanag ang dahilan ng pagmamadali ni Maria sa pagtungo sa tirahan ni Elizabeth—upang tiyakin kung totoo ang sinabi ni Gabriel na si Elizabeth, na matanda na para magdalang-tao, ay buntis nga ng anim na buwan.

Natiyak ni Maria na buntis nga si Elizabeth noong nakarating siya sa bahay ng pinsan, at mababasa ito sa Lucas 1_39-45 ng Bibliya. Magkaganunman, mahalaga ang kuwentong ito ng pagdalaw ni Maria kay Elizabeth sapagkat ito ay muling nagpapatunay na si Jesus ang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Una, napuspos si Elizabeth ng Espiritu ng Diyos matapos niyang marinig ang bati sa kaniya ni Maria.

Tapos, lumundag ang sanggol sa sinapupunan ni Elizabeth (ang sanggol ay si Juan Bautista, ang nagbautismo kay Jesus sa Ilog Jordan) sa pagbati pa lamang ni Maria. Nagpahayag din si Elizabeth, at kinilala niya si Maria bilang "ina ng aking Panginoon". Ang mga kaganapang ito ay hindi ordinaryong mga pangyayari. Nangyari ang lahat upang patotohanan na ang sanggol na isisilang ni Maria ay ang Diyos Ama.

-ooo-

**LIBRENG ANG KONSULTASYONG LEGAL:** Mula sa isang nagngangalang Ian Kervi Balase Legion sa Facebook: "Hi Sir. You have been recommended by my friend Shavana Castillo regarding my legal issue". Sagot po ng LAWYERS IN THE LIGHT (Lawyers Instructed on Godliness, Humility, and Truth): Salamat Ian Kervi Balase Legion (kung ito nga ang tunay na pangalan mo".

Anyway, sa amin pong naglilingkod sa sambayanan sa pamamagitan ng libreng konsultasyong legal, maliwanag po na tumutugon kami sa lahat ng mga katanungang ipinupukol sa amin mula sa ating mga kababayang hindi makayanang magbayag ng consultation fees pag sila ay lumapit at nagtanong sa mga pribadong abogado, o di kaya, ay inaabot ng siyam-siyam bago naman sila masagot ng mga abogado ng gobyerno.

Wala pong bayad ang konsultasyon sa amin. Libre. Of course, alam po naming ginugugulan po ito ng oras, pero okay lamang po. Paglilingkod na din po namin ito sa Diyos at Tagapagligtas na Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa ngayon, tinatanggap po namin ang anumang uri ng mga tanong—sibil, kriminal, administratibo, pang korporasyon o negosyo, o kahit na anupamang isyung legal. Magtext lamang po kayo, o magpadala ng email, sa mga nakasulat na telepono at email address sa ibaba. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

-ooo-

**M A K I N I G , MANOOD:** Ngayon, ang "Ang Tanging Daan", isang Bible study at prayer session sa Internet, ay mapapakinggan at mapapanood na ng 24 ORAS, sa Pilipinas at sa buong mundo, sa F a c e b o o k , sa www.facebook.com/angtangingdaan . Telepono: 0933 825 1308, 0917 984 2468, 0977 805 9058. Email: batasmauricio@yahoo.com.

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Evacuation center

TUWING dumarating o nagkakaroon ng iba't ibang uri ng kalamidad ay ang paglilikas sa mga residente ng apektadong lugar ang kasunod na magaganap.

Ang mga paaralan ang kalimitang nagsisilbing evacuation center.

Ang mga pamilyang inililikas ay doon pansamantalang mananatili.

Ipinatutupad ng lokal na pamahalaan ang tinatawag na puwersahang paglilikas.

Ginagawa ito para na rin sa kaligtasan ng mga residente na tatamaan o tinatamaan ng matinding kalamidad.

Pero bakit mayroon pa rin na ayaw sumunod at mas pinipiling manatili pa rin sa kanilang tahanan?

Ang isa sa mga rason ay upang mabantayan nila ang kanilang mga kagamitan sa bahay sa kamay ng mga masasamang loob.

Ibang klase rin naman talaga ang mga 'kawatan' sadyang mapagsamantala.

Sunog na nga lamang, akala mo ay mga nagmamagandang loob iyon pala ay mga magnanakaw.

Kabilang din sa mga dahilan ay wala naman silang nakukuhang magandang ayuda sa pananatili sa evacuation center mula sa pamahalaan.

Tungkol sa usaping evacuation center, may mungkahi ang isang kongresista.

Gamitin na lamang daw bilang evacuation centers ang mga sports facilities ng gobyerno.

Para raw hindi na ang mga paaralan ang nagagamit sa panahon ng kalamidad.

Malaki ang espasyo ng mga sports facilities ng gobyerno kaya siguro ay akma naman ang mga ito na maging evacuation center.

Sa eskuwelahan kasi ay napipilitan ang mga evacuees na gamitin ang mga bangko o silyang kahoy bilang panggatong.

Hindi naman sila masisisi dahil kailangan nila ng mainit na tubig at magagamit sa pagluluto.

Kung halimbawang ipapagamit ang mga sports facilities ay kailangan din naman ng karagdagang palikuran.

Marami pang dapat gawin ang gobyerno sa pagsasaayos o pagpapabuti sa kanilang mga sports facilities bago magsilbing evacuation center.

# EDITORYAL

## Tama nga bang putulin?

**INIHAHANDA ng kasalukuyang administrasyon ang pag-amyenda sa Government Procurement Reform Act.**

**Naglalayon itong maging maayos at mas mapabilis ang procurement procedures sa gobyerno.**

**Ang hakbang na ito ay bunsod na rin ng ilang ulit na panunuligsa ni Pangulong Duterte sa Commission on Audit.**

**Ang COA ang nagkukuwestiyon sa mga pagbili at transaksyon ng gobyerno na ang pananaw naman ng administrasyon ay nagpapatagal sa implementasyon ng mga proyekto.**

**Kaya naman ang inasahan na gagawing hakbang ng administrasyon ay ang paglikha ng panukalang batas at ihahain Kongreso.**

**Posibleng sertipikahan ni Duterte na urgent bill ang pag-amyenda sa Procurement Act kung kinakailangan.**

**Tama nga bang putulin ng Punong Ehekutibo ang burukrasya sa gobyerno?**


ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**


PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# DOE PUSHES OIL, GAS EXPLORATION IN PH WITH NEW CONTRACTING ROUND

**TAGUIG CITY — The Department of Energy (DOE) is set to conduct a series of roadshows to help boost the exploration of oil and gas resources in the Philippines under the DOE's Philippine Conventional Energy Contracting Program (PCECP).**

The DOE will be in Palawan on Thursday (20 September) to jumpstart the local roadshows. This will be followed by other roadshows to be held in Davao on 27 September and Zamboanga on October.

These three venues were selected to host said events as they are strategically located near some of the 14 pre-determined areas (PDAs) of the DOE for potential petroleum exploration and development activities.

The PDAs include one area in the Cagayan Basin, three in Eastern Palawan, three in Sulu, two in Agusan-Davao, one in Cotabato, and four in Western Luzon.

During the roadshows, local communities will be oriented on the benefits of hosting exploration and development projects and its greater contribution to nation-building.

The PCECP is the DOE's revised and transparent petroleum service contract awarding mechanism that allows the government to develop and utilize indigenous petroleum resources under a service contract with qualified local and international exploration companies. Under the PCECP, awarding of service contracts are conducted either through the competitive selection process or via nomination.

Aside from the 14 PDAs, the PCECP now has an added option of allowing prospective investors to nominate areas outside of the PDA list.

"We have to be aggressive in our pursuit of achieving energy self-sufficiency as envisioned by the Duterte Administration. Maximizing our exploration and development activities would help us keep up with energy sector developments and economic changes in the ASEAN region and worldwide," Secretary Alfonso G. Cusi stressed.

Per data gathered by the DOE, an annual average of only 5 wells have been drilled in the country from the period 2007-2017. This puts the Philippines way behind its neighboring countries, Myanmar (29), Malaysia (81), Indonesia (903), Thailand (594), and Vietnam (43), that have conducted significantly more drilling activities.

"This (PCECP) could mean a lot for the country in our search for a new source of energy like the Malampaya", Secretary Cusi added, citing Malampaya's projected natural gas production depletion by 2022.

The Malampaya Deep Water Gas-to-Power Project, under Service Contract 38, is the largest and most successful natural gas industrial project in the country, serving about 30% of the power requirements of Luzon.

After the roadshows, the DOE will formally launch the PCECP in November.

The DOE will likewise send a delegation to the Association of American Petroleum Geologists' International Conference and Exhibition in Cape Town, South Africa in the same month.

In August 2018, the DOE participated in the Asia-Pacific Scout Check Meeting, as well as the South East Asia Petroleum Exploration Conference where the DOE Delegation held one-on-one meetings with 18 petroleum exploration companies. **(DOE)**




## APEKTADO LAHAT SA CLIMATE CHANGE

Parang artipisyal ang nangyayari sa kapaligiran bago dumating ang bagyong Ompong at nanalasa halos sa buong Luzon at ibang panig sa bansa na tinamaan ng todo ang ating mga kababayan. Masyadong masalimuot subalit sa kabila ng paghahanda maraming matitigas ang ulo na kababayan na pansarili lamang at pasikat sa radio tv dyario at facebook.

Pahirapan ang paghahanap ng mga nasalanta sa Brgy., Itogon, Benguet na tinabunan ng lupa ang mga ilang manggagawang minero ang ibay natagpuan na subalit patuloy paring paghalukay sa kalupaan ng nasabing lugar. Itoy mga eksena sa pagbalahura ng ilang sugapa upang kumita pa ng limpak limpak nap era na hindi pinapahalagahan ang dulot na panganib.

ANG Pabagobago ng panahon at pagsamantala sa kahirapan ng ating mga kababayan para sila narin ang humukay sa kanilang pupuntahan. Sino ba ang sisisihin mo dito si Pangulong Duterte na naman. Hindi dapat at at wala makakahadlang sa likas na sakuna o gawa ng kalikasan kapag itoy sumagupa pa parang halimaw itong mananalasa at walang makakapigil kapag umatake ito.

HIndi lamang pilipinas at pati sa ibang bansa nanalasa at karamihan apektado rito mga kabahayang nilalamon ng lupa nagkadapa ang mga sangkatauhan mga nagsipaglikas sa ibang lugar na ligtas sa kapahamakan na dulot nitong delubyo. Sundan pa ng mga balitang distabilisasyon laban sa gobyernong Duterte lalong nakakagulo sa isipan ng mga kababayan at itong mga nagmamahalan na bilihin na iniinda ng mga kababayan natin lalot pati gulay at NFA rice nagkaubusan sa merkado.

Epekto na nga ba ito ng climate change at pagwawalang bahala sa mga nangyayari sa kapaligiran o kapabayaan ng bawat isatisa sa atin. Sana maging leksyon ito at sumunod sa pananawagan ng PAGASA at ilan pang ahensya ng gobyerno wag natin salungatin ang ano mang mga advices ng gobyerno at igit sa lahat manalig sa maykapal para ligtas sa ano mang kapahamakan. Habang sinusulat natin ito nakikita na natin ang mga pinsala na dulot nitong bagyong ompong marami ang nagging biktima sinira at mga pagtalotalo ng mga taga gobyerno at ilan pang mga nagmamagaling. Sana makarating sa mga tunay na biktima at tinamaan ng Delubyo ang mga donasyon ng goberno at ilang bansa na nagmalasakit sa biktima nitong bagyo.

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to Friday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/8978374 o kaya ay magtext sa mobile no. 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live Youtube RJ AM Makati at sa Facebook DZRJ 810 AM and streamline just type www.ustream tv/channel/dzrj 810 am. Salamat po.




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC, CAVITE**

**IN THE MATTER OF JOINT LEGAL ADOPTION OF MINOR MARY GRACE VENIZ COMAS,**

**SP.PROC. NO. NC-2018-27**

**SPS. APOLINAR HIERCO, JR. AND AMILYN H. HIERCO**
Petitioner.
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

**O R D E R**

A petition has been filed by Sps. Apolinar Hierco, Jr. and Amilyn H. Hierco, praying for the adoption of minor Mary Grace Veniz Comas on the grounds therein alleged.

Notice is hereby given that the petition has been set for hearing on October 24, 2018 at 8:30 in the morning in this court, on which date, hour and place, interested parties may appear and show cause why the petition should not be granted.

Let copy of this Order and the petition be furnished the Office of the Solicitor General and the Department of Social Welfare and Development. The latter is hereby directed to conduct a case of the petitioners and the minor to be adopted, and submit a report to this court as soon as possible.

Let this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite and in the Philippines.

**SO ORDERED.**

Naic, Cavite, July 25, 2018

**LERIO C. CASTIGADOR**
Judge

**HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

# DAR-CAVITE DISTRIBUTES LANDS TO FARMERS

**SILANG, Cavite (PIA) – The Department of Agrarian Reform Provincial Office (DARPO)-Cavite awarderd a total of 112.32 hectares of land to 163 Cavite farmers in the recent agrarian reform beneficiaries (ARBs) congress and distribution of certificates of land ownership awards (CLOAs) here.**

The event was held at the International Rice Research Institute (IRRI) in Barangay Biga with Agrarian Secretary John R. Castriciones leading the distribution of CLOAs.

Sec. Castriciones told farmers to treasure the land granted to them, and perform their responsibilities as prescribed under the Comprehensive Agrarian Reform Program or the RA 6657.

He said DAR will help them get access to financial services for their start-up capital to convert their newly-acquired lands to productive farms through loans which they could avail at 6% interest rate per annum with the Land Bank of the Philippines' Accessible and Sustainable Lending Program.

Cavite Provincial Agrarian Reform Program Officer (PARPO) James Arthur T. Dubongco said, "Isang kagalakang maisakatuparan ang puso ng programa na maibigay ang matagal ng inaasam ng ating mga agrarian reform beneficiaries, ang kanilang lupang sinasaka. Kaalinsabay nito ay malaman din nila ang kanilang tungkulin at responsibilidad upang maging ganap ang pagmamay-ari nito."

(It is such a joy to be able to implement the program's objective which is to award ownership to the farmers the land which they have toiled and at the same time let them know of their duties and responsibilities to fully owning the land.)

Part of the event's program were lectures on Land Tenure Service, Agrarian Reform Beneficiaries Development Service Program, Agrarian Justice Delivery, and the program of the Land Bank of the Philippines.

PARPO Dubongco also thanked the speakers, Agrarian Asst. Secretary Elmer Distor, DAR IV-A Director Rene Colocar, and Asst. Director Priscilla Ong.

The 112.32 hectares of land came from the municipalities of Naic, Tanza, Indang, and Magallanes as well as the cities of Trece Martires, Dasmariñas, and Cavite. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from PICAD)**



## HELMET

ni FREDDIE MANALAC

# JOCKEY DANILO "DEMS" CAMANERO MAHUSAY NA HINETE

**NAKAPANAYAM** ng iyong lingkod sa cellphone ang isang beteranong hineteng si Danilo "DEM" Camanero.

"Masarap na mahirap ang maging isang professional na hinete." Bungad agad sa atin ni Dems. "Masarap kung lagi kang nananalo at mahirap kung lagi kang talo at nahuhulog sa ibabaw ng kabayo."

May 25 taon na ring hinete si Dems.Marami na rin siyang ipinanalong Kabayo.Lumalaban din siya sa malalaking stakes race noong kapanahunan niya.

Ang kabayong Zanella na pag-aari ni Ginoong Jason Lim ang kanyang sakay sa isang Triple Crown race. Ang hindi malilimutang panalo ni Dems ay ang pagkakapanalo sa kabayong Reckless Lover dahil ito ay dehadong-dehado sa larangan ng Daily Double event.

Sa limang anak ni Dems, dalawa dito ay naging hinete. Si Dennis "Den" L. Camanero na isang professional jockey at Daniel, "Dan" na isang na rin professional jockey na nag-aral sa Philippine Jockey Academy.

Noong unang sumakay ang kanyang anak na si Den ay ang lakas ng kaba ng dibdib ang kanyang nararamdaman na kalaunan ay nakasanayan na rin niya. Mas magaling pang magdala na kabayo ang kanyang mga anak kesa sa kanya.

Ayaw pa sana niyang magretiro bilang isang hinete pero talagang darating ang panahon na sa ayaw mo gusto kailangan ka ng magretiro dahil sa iyong edad.

" Mag-ipon at iwasan ang masasamang bisyo at mahalin ang iyong propesyon bilang isang hinete." Yan ang magagandang payo ni Dems sa kapwa niya hinete.

OOO

Magpasyal kayo sa iba't-ibang OTB sa Maynila mapupuna ninyo na ang dating maraming mananaya ay nabawasan.

Ito ang maririnig mo sa mga mananaya na malaki na raw kasi ang binabawas na TAX sa gross ng bawat karera kaya halos wala nang dibidendo o nagiging maliit ang binibigay.

Hindi gaya ng dati patas lang ang binabawas na TAX sa bawat karera kaya maganda ang nagiging resulta na dibidendo sa bawat race.

Unti-unti itong nararamdaman ng mga mananaya na lumiliit na ang mga dibidendo na binibigay matapos ang karera.

Kung hindi pa raw matatalo o ipeperde ang kabayong outstanding favorite ay hindi pa gaganda o lalaki na ibibigay na debidendo

Kawawa ang maliliit na mananaya na umaasa na mag-uwi ng malaking panalo pero wala na halos natitira para sa Bayang Karerista.

Kung hindi daw ibabalik ang tamang bawas ng TAX sa industriya ng karera ng kabayo ay baka tuluyan ng huminto ang mahihilig o ang mga mananaya sa karera.

**IBALIK ANG TAMANG BAWAS NA TAX SA KARERA!**

OOO

Halos araw-araw ay masikip ang daloy ng trapiko sa kalakhang Maynila dahil sa mga illegal terminal ng mga naglalakihang BUS at KOLORUM na pampasaherong jeep.

Sa araw at gabi ay makikita mong nakahambalang o NAKAPARADA ang mga BUS at mga Pampasaherong jeep na halos sakupin ang buong kalsada.

Bakit hindi daw ito sinisita o hinunuli ng Manila Traffic Bureau?

May CASH-sunduan ba dito at nagbubulagbulagan lang ang mga PULIS nakadestino dito.

**AKSYON ANG KAILANGAN DITO MAMANG PULIS!**

OOO

Binabati natin ng Happy Racing si Boss Danny Dorendes ang may-ari ng OYAS Kambingan at Food Haus Catering na matataguan sa Quirino Ave. kanto ng F. Agoncillo at branch sa Vito Cruz, Maynila.

Sama na rin natin ang mga mababait na Staff ni Atorni Helen Dorendes.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC CAVITE**

**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,**
Applicant/Assignee,

**FNC-2018-1689**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135 As Amended by Act4118 Mortgagors

**-versus-**

**GABRIEL PILLERBA and**
**RURAL BANK OF AGDANGAN, (QUEZON), INC**
Borrower/Mortgagor, and
Mortgagee/ Assignor, respectively.

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by **BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS,** mortgagee, with office address at Bangko Sentral ng Pilipinas Complex, A. Mabini corner P. Ocampo Sts., Malate, Manila against **GABRIEL PILLERBA,** borrower/ mortgagor, with residence address at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, and **RURAL BANK OF AGDANGAN (QUEZON), INC**. mortgagee/ assignor, with office addredd at Agdangan, Quezon, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION EIGHTY-SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED EIGHT PESOS and 45/100 (P1,087,508.45),** Philippine Currency, excluding past due interest and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **October 17, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of office of the Ex- Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**DECLARATION OF REAL PROPERTY TAX NO. 14-0010-00126 (new)/ 97-05158 (old)/ 2616-R (old)**

A parcel of residential lot situated at Barrio Anuling, Mendez, Cavite, Municipality of Mendez, Province of cavite, Island of Luzon, bounded by the properties, NORTH by Adriano Perey; SOUTH by Florencio Ruraldo; EAST by Gabriel Pillerba; WEST by the Creek; containing an area of SEVEN HUNDRED FORTY-THREE (743 sq.m.) including all Improvements thereon.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and encumbrances thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-schedule date, said auction shall will be reset and finally held on October 31, 2018 at the same place and time above mentioned

Naic, Cavite, **August 22, 2018**

**MA. CAROLINA M. POTENTE**
OIC-Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS**
Bangko Sentral ng Pilipinas Complex
A.Mabini corner P. Ocampo Sts.
Malate, Manila

**GABRIEL PILLERBA**
Barrio Anuling, Mendez, Cavite

**PUBLICATION: HANEP** September 24, October 1 and 8, 2018

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# Hicap, Galicia, Canlas, Rojano nanguna sa listahan ng executive sa 2018 Chooks to Go National Rapid Chess Championships

**ILAN sa country's top executive players sa pangunguna nina engineer Joel Hicap ng DPWH Muntinlupa, lawyer Melzar Galicia, engineer Ravel Canlas ng Pagcor at Juan "Jun" Rojano Jr.ng Manila City hall ang nagkumpirma ng kanilang partisipasyon sa annual 2nd Chooks to Go National Rapid Chess Championships Executive division sa Oktubre 6, 2018 na gaganapin sa Activity Center Ayala Malls South Park sa Alabang, Muntinlupa City.**

Tampok din ang paglahok nina six-Time Philippine Executive Grandprix Champion Dr. Jenny Mayor, Dr. Alfred Paez, Information Technology expert Joselito Cada, National Master Efren Bagamasbad, SSS bet Dioniver "Bobot" Medrano, engineer Brent Sasot at Philippine Executive Chess Association (PECA) president lawyer Cliburn Anthony Orbe sa one-day event na sinuportahan nina Bounty Agro Ventures (BAVI) president Ronald Mascarinas, Ayala Malls South Park, Muntinlupa City mayor Jaime Fresnedi, vice mayor Celso Dioko at representative Ruffy Biazon.

"The event aimed to develop good thinkers through the understanding of chess strategies and tactics, improving the logical abilities and rational thinking and reasoning of the participants, and instilling a sense of self-confidence, self-worth and camaraderie." sabi ni Rotary Club of Nuvali president Noel Divinagracia.

"Further, the tournament is also a fund raising activity to help the Rotary Club of Nuvali in its charitable activities.," dagdag pa ni Rotary Club of Nuvali president Noel Divinagracia. Sinabi ni Rotary Club of Nuvali president Noel Divinagracia na ang tatanghaling magkakampeon sa executive division ay makakatangap ng lion's share P10,000, runner-up na P7,000 at third placer ay P5,000 bukod sa mga tropeo.

Maymaibubulsa naman ang fourth hanggang 10th placers na tig P3,000 at P2,000 plus medals ayon sa pagkakasunod. May nakalaan din na special prizes para sa Top Senior, Top 2000 and Below, Top 1900 and Below, Top 1800 and Below, Top Unrated, Top Lady, Top New Comer, Best-Dressed Executive, Most Senior Executive at Youngest Executive.

Ang 2nd Chooks to Go National Rapid Chess Championships ay ipapatupad ang 7-round Swiss System Four Division Tournament na may time control twenty minutes (20) plus 5 seconds delay sa bawat manlalaro para tapusin ang laro. Bukas ang nasabing event sa lahat ng rated o non-rated, male at female anuman ang edad at kasarian.

May registration fee na tig P1,000 (Executive, PECA members), P500 (Open), P300 (Junior) P250 (Kiddies) sa bawat division. Simula na ang pagpapatala sa 2nd Chooks to Go National Rapid Chess Championships. Ang Deadline ng Registration ay sa Oktubre 4, 2018 at No On-site Registration.

Para sa detalye ay mag call at text kina Dr. Alfred "Fred" Paez (0921-272-8172), Atty. Cliburn Anthony Orbe (0918-897-4410), Dr. Jenny Mayor (0935-100-4755), IT expert Joselito Cada (0949-998-1949), Engr. Brent Sasot (0949-360-2144), Mr. Sam Balboa (0998-553-0477) at Mr. Richie Jocson (0916-830-5468).

**(Marlon Bernardino).**

# Tagumpay ni Mary Grace Joson, alay sa magulang


**NAGING** daan ang pagiging inspirasyon ang pagiging anak ng civil engineer at balot vendor na siyang nagkamit ng unang gintong medalya sa pang bungad na 11th Philippine Sports Commission Batang Pinoy National Championships 2018 track and field event sa Baguio Athletics Baguio City

Huminga nang malalim saka ubos-lakas na hinalibas ni Mary Grace Joson, 15, ng Camarines Sur ang disc sa 8-player finals upang makapagtapon ng 26.87 meters sa third and last attempt at pamamayagpagan ang girl's discus throw 16-17 age group, sa grassroots program ng PSC sa liderato ni Chairman William Ramirez at kapwa pinagkakaaalahan nina Baguio Mayor Mauricio Domogan at Benguet Gov. Crescencio Pacalso."Para po sa pamilya ko, sa papa't (Danilo) mama ko," bulalas ni Joson, sa pag-alay ng tagumpay sa nangungulila sa kanyang amang hindi pa nakikita sapul nang siya'y ipanganak. Isang OFW engineer sa UAE at Singapore ang ama kaya ang ina at nakababatang kaptid lang ang kasama sa tahanan nila sa Pili, Camarines Sir. "Hiwalay po sila kaya hindi ko pa nakikita papa ko maliit pa lang ako."

Nalampasan ng Camarines Sur Sports Academy grade 9 ang kanyang bronze-finish (23.62m) sa PSC BP at sa Luzon Qualifying Leg noong Oktubre sa Vigan City. Pero double gold winner siya sa paboritong javelin throw na sasabakan din dito sa mga susunod na araw at sa lalargahan ngayong shotput.

Pangarap niyang maging firewoman at national team member dahil sa iniidolo si Jakarta 2018 Asian Games weightlifting gold medalist Hidilyn Diaz. At may matatanggap na siyang P3,000 cash incentive na pangako ni CamSur Gov. Miguel Luis Villafuerte.

Kasya sa silver si Janine Ledina ng Zambales Province (26.64) at Althea Guadalupe ng Gen. Santos City (26.54). Ika-8 lang si Jozon sa mga umentra sa pinale, ika-7 si Ledina at ika-6 si Guadalupe sa 13-entries.



**ANG** papatawid ng finish line na si Marielle Estreba ng Cebu Province kung saan nakamit nito ang gintong medalya para sa Triathlon girls dibisyon ng 11th Philippine Sports Commission Batang Pinoy National Championships 2018 sa Athletic Bowl, Baguio. **RGN**

# The "J" Store wagi sa PNP woodpushers sa two closely fought sets

**DUMAAN** muna sa butas ng karayom ang The "J" Store para talunin ang multi-titled Philippine National Police (PNP) chess team, 4-4, 5-4, Huwebes, Setyembre 20, 2018, para masikwat ang tagumpay sa 2018 PNP friendly chess team match na ginanap sa PNP Sports Center sa Camp Crame, Quezon City.

Pinangunahan nina National Master Romeo Alcodia at John Lee Antonio ang The "J"Store, isang online shopping at retails store na naka base sa Valenzeula City sa krusyal na laro.

Si Alcodia na dating pambato ng Barangay Malamig Rizal Technological University (RTU) Chess Team ay giniba si Leandro Macasinag sa kanilang Sicilian skirmish sa Board 3 habang si Antonio, isang empleyado ng Rustan Supermarket ay pinadapa si Jerry Tolentino sa isa pang Sicilian encounter sa Board 4.

Rumagasa din sa panalo si engineer Benjamin "Benjie" Esquejo, ang first-leg winner ng Philippine Executives Chess Association (PECA) Alphaland National Executive Chess Championships kasama sina John Michael Lomboy at team captain Jason Rojo sa boards six, seven at nine, ayon sa pagkakasunod sa two closely fought sets.

"It was a dramatic victory of the "J" Store chess squad. After a 4-all deadlock in the first set, PNP chess team get an upper hand in the second set, thanks to heroic wins of National Master (Romeo) Alcodia and (Johnn Lee) Antonio to escaped a narrow 5-4 victory," sabi ni Rojo, isa sa top players ng Antipolo City.

Diniskaril ni Esquejo si Christopher Muego, nakaungos si Lomboy kay Alfred Arturo habang panalo si Rojo kay Macwaine Molina.

Ang PNP chess team playing na nasa gabay nina coaches Jomar "Joms" Mendoza Pascua at Renato "Buboy" Abalos ay umasa naman sa tagumpay nina 1995 Philippine Junior Champion National Master Rolando Andador, National Master Ali Branzuela, Danilo Tiempo at Demetrio Laroya na nagwagi sa kani-kanilang laro sa boards one, two, five at eight.

Panalo si Andador kay Jerome Villanueva, nakaungos si Branzuela kay Filipino at United States chess master Almario Marlon Bernardino Jr., ginulat ni Tiempo si Genghis Katipunan Imperial habang namayani naman si Laroya kay Leonard Cabreros.

Sa first set results, panalo si Andador kay Imperial, nakihati ng puntos si Branzuela kay Bernardino, tabla din si Macasinag kay Villanueva, natalo si Tolentino kay Alcodia, yumuko si PSUPT Jaime Osit Santos kay engineer Esquejo, namayagpag si Tiempo kay Lomboy, tiklop si Muego kay Rojo at wagi si Arturo kay Cabreros.

Ang susunod na makakalaban ng PNP chess squad sa darating na Sabado ang Bulacan State University (BSU) chess team.

Nakalaban din ng PNP chess team at parehong natalo sa koponan ng University of the East, 6-5, 6-5, at ng Paralympic chess team, 7.5-6.5, 7 all.

Kontra sa Paralympic chess team, ang PNP woodpushers ay kinailangan ang serbisyo ni Woman National Master Christy Lamiel Bernales, isang olympian veteran member, bilang guest player.**(Marlon Bernardino)**



**ITS SHOW TIME!** Matikas na bumigay ng pag basket si TNT KaTropa point guard Roger Pogoy habang di naman umabot ang palpal sa depensa ni Rashawn McCarthy ng Columbian Dyip sa ilang bahagi ng kanilang aksyon sa 2018 PBA Governors Cup bigo ang Dyip sa Smart Araneta Coliseum. **RGN**



**BUONG** lakas na nag drive si Adamson point guard Jerie Pingoy kontra sa depensa ng katunggaling si Christian Tio ng Ateneo sa maaksyong tagpo nila ng UAAP Season 81 games binigo ng Adamson ang Ateneo sa iskor na 74 – 70 sa Mall of Asia Arena. **RGN**

# MORE HEALTH WORKERS UNDERGOES PSYCHOSOCIAL INTERVENTION TRAINING IN CALABARZON

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) recently conducted the 9th Batch of Psychosocial Intervention Training for Health Workers as an additional manpower to be deployed in the Dengvaxia affected communities in the region held at the Eurotel Cubao, Quezon City on September 12-14, 2018.**

"We need to have more health workers trained in psychosocial interventions to be able to assist and provide emotional support to the thousands of families affected by the Dengvaxia anxiety in the region. We have to guarantee the health and safety of the vaccinees as we continue to monitor their well-being for the next 5 years," Regional Director Eduardo C. Janairo stated,

"There was also significant improvement among trained health workers in confidence, positive changes in attitude, became more compassionate, relaxed and increased tolerance to aggressive behavior they are confronted with in the community," he related.

The training was successful in improving knowledge, confidence and attitude amongst health workers. "They can now identify signs of psychosocial distress and employ supportive listening measures, provide education on stress reduction including referral to specialist support if needed".

DOH-CALABARZON has already trained a total of 638 heath workers, including provincial health team leaders, development management officers, program managers, nurses, medical technologists, provincial and municipal health officers and barangay health workers.

According to Janairo, the DOH Psychosocial Support Team continues its house-to-house visits to Dengvaxia vaccinees and their families in various communities of the region providing compassionate care, supportive listening, and offering coping strategies.

"With the approval of the supplemental budget for Dengvaxia recipients, we can provide more support in terms of medicine, medical supplies including covering Human Resource for Health (HRH) Deployment to closely monitor vaccinees and medical assistance for recipients not exclusive for Dengue cases only", he emphasized.

From December 1, 2017 to September 7, 2018, the Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU recoded a total of 19,114 Dengvaxia vaccinees who have been reported to have illnesses in CALABARZON. There are 61 deaths listed.



**DOH CALABARZON** Medical Officer IV and Dengvaxia Regional Coordinator Dr. Evamarie Torio (in aqua green uniform) addresses a participant regarding Dengvaxia concern in the community during an open forum during at the 9th batch of Psychosocial Intervention Training for Health Workers held at the Eurotel Cubao, Quezon City on September 12-14, 2018. Facilitating the discussion is Ms Paulina Calo (in white blouse), Regional Mental Health Coordinator who also conducted the 3-day event. **BOY NAMORA**

# DOH-CALABARZON Donates dental bus to Camp Capinpin Hospital

**DOH-CALABARZON** (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) yesterday donated one dental bus to the Army Station Hospital of Camp Capinpin located in Barangay Sampaloc in Tanay, Rizal during the turnover ceremony held at the regional office.

"We need more partners in the implementation of oral health care in the region, especially those providing outreach programs in far flung communities and we will continue to support all essential undertakings with regards to improving the health of our countrymen," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

Under the deed of donation between the Camp Capinpin Army Station Hospital and DOH, the armed forces will utilized the mobile dental bus in accordance with its purpose; ensure the availability of dentists and other health personnel, drugs, medicines and supplies, utilities and other operational expenses; ensure the rational use of the mobile dental clinic and maximize its benefit to the people needing quality dental care and services; ensure the proper maintenance, out of its own resources, of the said mobile dental clinic; and designate a focal person who will be coordinating with the Regional Office for purposes of program monitoring and evaluation.

The dental bus is well equipped with two dental chairs, dental bed, a basin (complete with faucet setup), and compartments for medical equipment and medicines, dental tools and power inverter that will enable it to operate in powerless communities.

The dental buses were acquired through the Health Facility Enhancement Program (HFEP) with the objective of addressing prevalence of dental diseases in the country by providing mobile dental clinics with equipment to provinces and other local government units (LGUs) to ensure the accessibility of quality dental health services to all Filipino citizens, especially those who are underprivileged.

According to the 2011 National Monitoring and Evaluation Dental Survey (NMEDS) conducted by DOH, majority (87%) or 83 million of Filipinos suffer from tooth decay. "7 out 10 have never visited a dentist during their lifetime".

The survey also reported the shortage of oral care among children. It revealed that 98% of children aged 3 to 5 have dental caries or cavities and also 20% of pre-school children have never been to a dentist.

"These concerns can be prevented through proper information and services that can be made available and more accessible to those who are not aware of how important oral health is", Janairo emphasized.

"The primary objective is to preserve the natural teeth among children for as long as possible, stop the progress of the disease that causes cavities, and provide proper information to the target population to ensure they can keep their teeth healthy during their lifetime," he stressed.

One mobile dental bus was also donated to the Lone District of Binan in Laguna on May 8, 2018.



**DOH CALABARZON** Regional Oral Health Program Manager Dr Edwina I. Go with members of the 2nd Infantry Division of the Philippine Army of Camp Capinpin headed by Lt Col. Mateo Modina (back) and Major Emmanuel Cuadra inspects the equipments installed inside the mobile dental bus donated to the Army Hospital of Camp Capinpin located in Tanay, Rizal during the turn-over ceremony held at the regional office on September 18, 2018. **BOY NAMORA**

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## BATANG ROSARIO, PANALO!

Naging usap-usapan ng mga karerista sa mga OTB at social media ang pagkapanalo ng kabayong si Batang Rosario na sinakyan ni Claro Pare Jr. at ang pagkabigo ng naging paborito na si Prince Jolo na ginabayan naman ng hineteng si Onat Torres sa takbuhang naganap sa karerahan ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Sa simula ng takbuhan ay magaan na nakasalida si Prince Jolo mula sa aparato at hinayaan muna ni Onat na paunahin ang banderistang kalaban na si Musikera ni Christian Pilapil. Sa medya milya (800 meters) ay nilaro-laro lamang ni Onat ang kanyang sakay habang nakamasid sa nauunang kalaban na si Musikera. Papasok sa ultimo kuwarto (400 meters) ng laban ay sinimulan ng hingan ni Onat ang kanyang sakay at nagresponde naman si Prince Jolo kaya agarang nakalapit kay Musikera. Pagkaliko sa huling kurbadahan ay halos magkapanabayan na sina Christian at Onat na gumagalaw sa ibabaw ng kanilang mga sakay, habang nasa likuran nila ng may dalawang kabayong agwat lamang ang magpaparemate na rin na si Claro Pare Jr. sa kabayong si Batang Rosario na mahusay kumilos kapag na sa labas na bahagi ng pista. Sa huling 100 metro ng laban ay lumagpas na si Prince Jolo kay Musikera kaya naramdaman ng mga karerista na medyo nag- alalay na lamang si Onat sa kanyang dala lalo na sa loob ng 75 meters na natitira sa laban, subalit tila hindi alintana kay Onat na may malakas na kalaban na dumarating sa gawing labas o kanan niya dahil nilingon niya ang nasa kaliwa na nilagpasan nila at nung makadiretso sa pagtingin ay biglaang umungos ang malakas na si Batang Rosario. At nung naipakita ang slomo ng nasabing karera ay maliwanag sa lahat ang nangyari pati ang pagkalagpas ni Batang Rosario ni Claro Pare Jr. sa paboritong si Prince Jolo ni Onat Torres.

# New law creates eight Congressional districts in Cavite

**GENERAL TRIAS**, Cavite – President Rodrigo Roa Duterte has signed into law Republic Act 11069, or the Act Amending Section I of R.A. 9727, reapportioning the historic Cavite province into eight legislative districts on Sept. 14.

Under the newly signed law, General Trias City will be the Lone 6th District, the 7th District will be composed of Amadeo, Indang, Tanza and Trece Martires City and the 8th District will now comprise Tagaytay City and the municipalities of Alfonso, Bailen (General Emilio Aguinaldo), Maragondon, Magallanes, Mendez, Naic and Ternate.

The new law paves for redistricting of the province's seven districts to eight, where the 6th District used to comprise General Trias City, Trece Martires City and municipalities of Tanza and Amadeo and the 7th District comprises Tagaytay City and the municipalities of Alfonso, General Emilio Aguinaldo, Indang, Magallanes, Maragondon, Mendez-Nunez, Naic and Ternate.

"The new signed law is a welcome development as it would boost further developments and progress to each district," Cavite 6th District Rep. Luis "Jon Jon" Ferrer IV said in an interview.

Seven Cavite house solons supported RA 11069, namely 1st District Rep. Francis Gerald 'Boy Blue'A. Abaya, 2nd District (Bacoor) Rep. Strike Revilla, 3rd District (Imus) Rep. Alex "AA". Advincula, 4th District (Dasmarinas) Rep. Jennifer "Jenny" Barzaga, 5th District Rep. Roy M. Loyola, 6th District Rep. Luis "Jon Jon" A. Ferrer and 7th District Abraham "Bambol" Tolentino.

Following the President's approval of the House Bill, the new measure still has to be published in the Philippine Gazette or newspaper before it becomes a law.

This means that for next year's mid-term National and Local elections, Cavite province would be electing eight congressmen and 16 Board Members, where two Board Members are elected per district.

Cavite Governor Jesus Crispin Remulla and brother former Governor Jonvic Remulla also backed the new law. ***(Dennis Abrina/PNA)***

## HANEP SHOWBIZ

# TUNAY NA DIWA NG PASKO SABIK IPADAMA NI MARIAN RIVERA

**HINDI na halos mapigilan ni Marian Rivera ang kanyang matinding pananabik.**

Aba mukhang kulang na lamang ay hatakin na ng Kapuso Primetime Queen ang panahon o ang mga araw.

Ang kinasasabikan ng misis ni Dingdong Dantes ay ang pagpapadama at pagbibigay ng tunay na diwa ng Pasko.

Ito ay ang 'Kapu-song Pinoy: Paskuhan at Kantawa-nan sa Anaheim' na nakatakda sa darating na Oktubre 7.

Mga kababayan nating nasa Amerika ang pagkakalooban ng tunay na diwa ng Pasko.

Hindi lamang si Marian ang magpapadama ng tunay na diwa ng Pasko roon.

Kasama siyempre ang iba pang celebrities ng Kapuso na magbibigay ng aliw.

Nariyan sina Comedy Concert Queen Ai Ai delas Alas, ang tinaguriang Asia's Romantic Balladeer na si Christian Bautista, at Asia's Pop Sweetheart Julie Anne San Jose.

Magpapakitang gilas din ang tambalang Donita Nose at Super Tekla sa larangan ng komedya.

Alam naman nating malapit ang puso ni Marian sa ating mga kababayang nasa aborad.

Ramdam niya ito bilang host ng drama series ng GMA7 na 'Tadhana' dahil umiikot ang istorya tungkol sa buhay ng mga Overseas Filipino Worker.

Si Marian at mga kasama nito ay tunay na hindi naitago ang kanilang pananabik para sa Oktubre 7 nang humarap sila sa isang presscon.

Tiyak namang papatok sa mga kabayayan natin doon ang magaganap na mga kantahan, sayawan, tawanan at marami pang ibang pagtatanghal.

Kung masisiyahan sila at malilibang ay malamang din na baka magsakitan pa ang kanilang mga tiyan sa katatawa.

So, sino ba naman ang hindi mananabik sa paparating na show na ito.



@@@

**NABANGGIT** na rin lang natin si Marian eh banggitin na rin ang kanyang mister na si Dingdong.

Alam naman nating masyadong uminit ang balita tungkol sa sinasabing pagtakbo ni Dingdong bilang senador sa 2019 election.

Naging tampulan ng usap-usapan ito nang mapabilang si Dingdong sa senatorial line-ups ng Liberal Party.

May post na ang aktor sa kanyang social media account hinggil dito.

Batay sa post ni Dingdong ay hindi niya prayoridad ang pagkandidatong senador.

Bagkus ay nagpapaabot si Dingdong ng pasasalamat sa mga fans na nagtutulak sa kanyang tumakbo.

Pinasasalamatan din niya ang mga tagahanga bunga ng maagang pagsusuporta sa kanya.

Ayan, malinaw na siguro sa inyo ha. Just in case na magbago isip ni Dingdong, taumbayan naman ang magpapasya hindi po ba.





@@@

**KUNG** si Dingdong ay nagsabing hindi niya prayoridad ang pagtakbong senador, si Richard Yap naman ay pinag-iisapan ang alok sa kanyang tumakbo bilang kongresista sa North District ng Cebu.

Nakailang ulit na ring kinausap si Richard ni dating Cebu City Mayor Michael Rama upang tumakbo sa North District sa 2019 election.

Iyong mga unang alok ay tinanggihan na ng aktor subalit sa ngayon pinag-aaralan niya itong mabuti.

Kung ano man ang pasya mo Richard, gudlak!

## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 83 labas)

"**UULITIN** ko lamang sa'yo na ayokong maging sagabal ako sa kung ano man ang nais o binabalak mo."

Sa isang sulok ng isipan ni Kardo ay nagbabalak na siyang kumawala kay Lyka kahit pa nagkaroon na sila ng anak.

Pero ang ibinubulong ng puso at damdamin ni kapitan ay ipagpatuloy ang kanilang relasyon ni Lyka.

Nahihirapang dayain ni Kardo ang kanyang sarili subalit mas nananaig ang dikta ng damdamin at puso.

"Sige…sige payag na ako sa mungkahi mo. Bahala na kung makakalusot ako."

Kaya naman sumang-ayon na rin si kapitan sa nais mangyari ni Lyka.

"Baka naman napipilitan ka lamang o nabibigla? Pag-isipan mo pa ring mabuti."

Lihim na natutuwa si Lyka subalit nagkukunwari siyang pinipigilan si Kardo.

"Ano ka ba naman, 'di kita maintindihan ah. Ikaw 'tung nagsa-suggest tapos ngayon eh parang nagbabago ka."

"Basta buo na ang pasya ko, tatakbo akong konsehal sa darating na eleksiyon."

Saglit lang naman ang pagkukunwari ni Lyka, hindi puwedeng sagaran at baka magbago pa ang ihip ng hangin.

"Tandaan mo lang, kung ano man ang magagawa ko ay gagawin ko para sa 'yo."

"Nakahanda akong tumulong sa kandidatura mo para manalo kang konsehal."

Sa pagtatapos ng usapan ng dalawa ay final na ang desisyon ni Kardo.

Dumating na ang araw ng pagtatapos ng termino ni Kardo sa barangay.

Medyo ilang buwan pa ang kanyang hihintayin para sa local elections.

Focus muna si Kardo sa kanyang pamilya at sa groserya niya kaya madalang na sa patak ng ulan kung makapunta siya kay Lyka.

"Naiintindihan naman kita, alam ko ang sitwasyon kaya 'wag mo kaming alalahanin ng anak mo."

Kapag may pagkakataon naman ay bumibisita si Kardo kay Lyka at anak nila pero saglit lamang iyon.

"Ano? Tama ba ang naririnig ko? Ano naman ang pumasok sa utak mo ha?"

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-82 labas)

**HINDI** inaalisan ng tingin ni Dagul ang mukha ni Caloy habang nagtatanong siya.

Walang kakurap-kurap si Dagul dahil nais niyang makita ang ekspresyon ng mukha ni Caloy.

Kitang-kita ni Dagul ang pagkakabigla ni Caloy na hindi alam kung paano sasagutin ang tanong.

Napansin din ni Dagul na animo'y napapalunok-laway si Caloy.

"Iyong si Aling Tita lamang na 'yung tiyahin ang sa tingin ko na maaaring makakatulong sa 'yo."

"Ako na ang bahalang magpaliwanag sa tiyahin mo kung bakit at 'panu kang nakulong."

"Sabihin mo sa akin kung 'asan s'ya, kakausapin ko ang 'yung tiyahin."

Matagal-tagal bago nakasagot o nakapagsalita si Caloy at binanggit ang kinaroroonan ng kanyang tiyahin.

Kaya nga lamang ang binanggit na lugar ni Caloy ay iyong bahay ni Aling Tita.

"Sige at pupuntahan ko ang tiyahin mo roon para makausap ko."

"Kung ano man ang mapapag-usapan namin ng tiyahin mo ay ipapaalam ko sa 'yo."

"Baka sakali rin na mahimok ko ang 'yung tiyahin na sumama at bisitahin ka rito sa kulungan."

Hindi nagpahalata si Dagul kaya nilaru-laro lamang niya sa pakikipagusap si Caloy.

Alam na ni Dagul ang kanyang gagawin at mga sasabihin kay Caloy sa pagbabalik niya sa piitan.

"Heto nga pala ang sigarilyo, baka ubos na 'yung huling dinala ko sa 'yo."

Bago nagpaalam ay iniabot ni Dagul ang sigarilyo kay Caloy at ilang makakain.

"Pasensya ka na ha medyo natagalan ako sa pagbisita sa 'yo rito."

"Marami kasi akong inasikasong ibang kaso. Heto pala pagkain at kumain ka na muna."

Sa pagbalik ni Dagul ay hindi muna bumanat ng mga tanong o pakikipag-usap si Caloy.

Pinakain muna ni Dagul si Caloy at inabutan ng ilang kahang sigarilyo.

"Oo 'atorni, gusto ko po."

(Sundan)

# 2018 YOUTH EMPOWERMENT BY UNLEASHING AWARENESS AND VALUES WITHIN THEM

**TO empower and partake the youth in various activities that will intensify their social awareness, spiritual values and economic development, the Provincial Government of Cavite thru the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and Provincial Youth and Sports Development Office (PYSDO) in partnership with Union of Enterprising Cooperative (UEC) , Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) and Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) facilitated the Pag-asa Youth Association of the Philippines (PYAP) Leadership Training , with the theme “PYAP Unleashing the Fire to Lead” at Shoreline Kabalikat sa Kaunlaran Inc., in Malainen Bago in the municipality of Naic on September 11-13, 2018. The 3-day activity aims to equip them with God’s word, absorb the essentials of teamwork and strengthen the capabilities of the youth.**

PYAP participants came from different cities and municipalities of Cavite specifically from Bacoor, Dasma, General Trias, Imus, Maragondon, Naic, Rosario, Ternate and Trece Martires City. Atty. Khervy B. Reyes, Supervising Cooperative Development Specialist, delivered an inspiring opening remark and challenged the leadership camp to know the purpose of building up the PYAP and reminded everyone that every youth has a big part in developing the nation. On the other hand, PYSDO Head, Ms. Mercy Gallarde highlighted in her speech that she still believes in the saying “Kabataan ay Pag-asa ng Bayan”. Likewise, Ms. Jessica Leigh Tibayan, representative from Schneider Employees Multipurpose Cooperative, shared some bible verses about how God will never give us problems that we cannot solve. Meanwhile, Mr. Rodel Vincent Bae, Executive Assistant of Governor Boying Remulla, delivered the keynote speech on behalf of the governor.

The training proper started as Ms. Aura Fuentes of PSWDO discussed the Gender Sensitivity Training. Senior Course Leader Mr. Marco L. Deuda led the whole 3-day camp and prepared challenges that tested the teamwork and dedication of each campers with the help of counselors from Victory Christian Fellowship- General Trias. Additionally, Mr. Daniel Herrera, ministry intern, discussed about the topic “Bagong Simula” as he shared his experience when he was young and how the Lord changed him.

Second day started with an inspirational topic delivered by Mr. Andy Cuadrasal, Campus Missionary/Life Coach of Every Nation Campus entitled “Bagong Patutunguhan” that motivated campers to strive hard for them to reach their goals. He also talked about the common issues that young people normally encountered and gave some advice on how to overcome them. Afternoon session was comprised of inspirational talks and motivational messages. “New Disciplines” was tackled by Ms. Regielyn Catibayan of UEC reminded everyone to be strong and have an unwavering faith in God. Meanwhile, Mr Alvin Mojica of PCLEDO also graced the program and inspired everyone by sharing a childhood tale which is familiar to everyone; “The Lazy Juan” when Juan waited for the guava to fall. Mr. Mojica compared our dreams to the guava fruit as he echoed that we are not supposed to wait for our dreams to be met but rather we should reach for them.

On its last day, Pastor Wilfred B. Quezon headed the discussion regarding “God’s Leadership and Management in Life” as he conveyed to the participants the true meaning of being a leader. According to him, a good leader is someone who develops another good leader. Likewise, Provincial Accountant Mr. Lauro D. Monzon gave an eye-opener reminder that dreams and plans may not be answered the way we expected it to be because God has better plans for our lives.

PSWDO Head, Ms. Felipa G. Servañes expressed her gratefulness for everyone that has been part of the training and left an inspirational quote saying that “A journey of a thousand miles begin with one step”. She encouraged the attendees to take one step at a time to fulfill their vision in life. — **(PICAD)**



# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Walang basagan ng trip

**SADYANG** pinagpiyestahan sa social media ang sex video ng magkasintahan sa Iloilo City.

Ibang klase naman kasi talaga, nagtatalik sa ibabaw ng nitso sa loob ng sementeryo.

Ano kaya ang pumasok sa utak ng magkaparehang ito at doon pa napiling magtalik?

Sa kasagsagan ng kanilang pag-uulayaw ay hindi nila namamalayan na may kumukuha na pala ng video ng ginagawa nila.

Malas ng dalawa dahil nagkataong isang barangay tanod ang nagroronda sa lugar.

Kitang-kita ng dalawang mata ng barangay tanod ang aktong pagtatalik ng magkasintahan kaya kinuha ang kanyang cellphone at kinunan ng video ang eksena.

Ang sex video scandal ng dalawa ay tumagal ng 2.15 seconds at kumalat sa Facebook.

Balik tayo sa katanungan, usap lang kung bakit ginawa ng dalawang magtalik sa ibabaw ng nitso.

Maaaring sabihing walang pera na maipapambayad sa motel kaya doon na lamang nagparaos.

Eh paano kung may pera naman sila pero ginawa pa rin nilang magtalik sa loob ng sementeryo.

Isa lang ang ibig sabihin o kasagutan, trip ang umiral sa magkasintahan.

Trip na may kasamang hindi na kayang pigilan pa ang kapwa init ng katawan na kanilang nararamdaman.

Mayroon nga sa kotse nagpaparaos ng kanilang init, de-sasakyan ang mga iyan kaya nangangahulugan na may pera sila.

Pero bakit ginawa nila ang pagtatalik sa loob ng sasakyan?

Trip lang, iyon nga marahil ang tumpak na kasagutan.

Ginawa nila iyon dahil trip lang, bahala sila kasi ang kanilang sarili at buhay naman ang mabibilad sa kahihiyan.

‘Ika nga kanya-kanyang trip at walang basagan ng trip.

Patuloy naman na inaalam ang identity ng magkasintahan.

## Pinatoma na, nanaga pa ng mag-aama

**PINAINOM** na, nagawa pang pagtagatagin ng isang 40-anyos na construction worker ang mag-aama nang malasing at naungkat ang matagal na nilang awayan sa Kawit, Cavite.

Nakakulong sa Kawit Custodial Center ang suspek na si Benjie Mendoza ng Baypoint, Brgy. Putol, Kawit habang ginagamot sa Las Pinas District Hospital si Manuel Perez, 60, at inilipat naman sa Philippine General Hospital (PGH) ang mga anak nitong si Michael, 30, at Christian, 39, pawang construction worker at residente ng Baypoint, Kawit dahil sa tinamong mga sugat sa katawan.

Sa report ni PO2 Mark Joseph Arayata, ng Kawit Municipal Police Station, dakong alas-8:00 ng gabi nang nagkayayaang mag-inuman ang biktima at mga suspek sa labas ng kanilang tinitirhang barracks sa Brgy. Putol kung saan pawang magkakasama sa trabaho.

Sa kalagitnaan ng kanilang inuman, naungkat ang matagal ng awayan ng suspek at ni Michael na humantong sa mainitang pagtatalo hanggang sa pagtatagain ng una ang huli.

Tinangka namang umawat ang mag-amang Manuel at Christian subalit sila naman ang napagbalingan ng galit ng suspek at pinagtataga rin ang mga ito.

Agad na isinugod ang tatlo sa Kalayaan Hospital bago inilipat sa Las Pinas Hospital pero sina Michael at Christian ay muling inilipat sa PGH dahil sa kanilang kalagayan.

Naaresto naman ang suspek sa isang follow up operation. **GENE ADSUARA**

## First time carnapper, naperder agad

**NAGSAWA** sa maliitang kita, sumubok naman sa mas malakihan subalit napurnada ang isang 18-anyos na lalaki nang naaresto habang nasa aktong hinihila nito ang ninakaw na motorsiklo sa GMA, Cavite.

Paglabag sa RA 10883 (An Act Providing For A New Anti-Carnapping Law of the Philippines) ang isinampang kaso laban sa suspek na si Ken Lawrence Terante, ng Poblacion, GMA dahil sa reklamo ni Leynard del Mundo, 18, binata, estudyante ng B5 Excess Lot Brgy. Army Compound, Brgy Poblacion 1, GMA.

Sa salaysay ni Del Mundo kay PO2 Bobbie Balazo, ng GMA Municipal Police Station, iniwan nito ng gabi ang kanyang motorsiklo sa bakuran ng kanilang bahay subalit paggising ay nawawala na ang kanyang motorsiklo na may plakang 8600 UQ.

Dakong alas-4:00 ng madaling araw nang napansin ng ilang concerned citizen na hilahila ng suspek ang isang motorsiklo na may plakang 8688 UQ.

Dahil duda ang mga ito, tinanong sa suspek kung sa kanya ang nasabing motorsiklo subalit wala itong maipakitang anumang papeles dahilan upang ipaalam ito sa kanlang barangay na siyang tumawag ng pulis na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek.

Sa presinto, personal na kinilala ni Del Mundo na pagmamay-ari nito ang nasabing nawawalang motorsiklo at matapos na nagpakita ng mga papeles.

Sinabi ni Balazo na si Terante ay may mga records na sa mga kasong Theft at first time nitong luminya sa Carnapping.

**GENE ADSUARA**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver’s Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# OFWs, MAAARING MAGING MIYEMBRO NG SSS

**LUNGSOD NG LUCENA (PIA)—** Maaari ring maging miyembro ng SSS ang mga Overseas Filipino Workers o OFWs, ayon kay Anna Peachy Gurango, hepe ng Social Security System (SSS)- sangay ng Lungsod ng Lucena.

Sinabi ni Gurango sa programang "Balikatan Unlimited with PIA" sa DWLC-Radyo Pilipinas noong Agosto 31 na kailangang magsadya sa pinakamalapit na tanggapan ng SSS ang isang OFW upang personal na makapag-apply.

"Kailangan rin na magdala ang aplikante ng birth certificate, ang isang OFW, gayundin ng marriage certificate kung kasal, kailangan ding magdala ng passport or driver's certificate ang isang aplikante sa pag-aaplay ng pagiging miyembro ng SSS."

Bukod dito, kailangan ding magbayad ng kahit isang buwang kontribusyon ang isang OFW at humingi ng numero sa pagiging miyembro nito sa SSS.

"Sa ngayon ay mayroon nang 36 na milyong miyembro ang SSS sa buong bansa," ayon pa sa opisyal.

Sa pagiging miyembro ng SSS, maaari nang tumanggap ng mga benepisyo ang isang OFW kagaya ng mga sumusunod: benepisyo sa oras ng pagkakasakit, maternity benefit para sa mga babaeng miyembro, disability benefit o benepisyo sa pagiging disabled person at death benefit. **(Ruel Orinday, PIA-Quezon)**

# Mababang crime rate, target ng Blumentritt-PCP chief

**HINDI** man maging ganap na zero crime rate ay nananatiling target ng pamunuan ng Blumentritt-PCP ang mababang bilang ng kaso ng krimen sa kanyang nasasakupan.

Nasa liderato ni Chief Insp. Roy Calulot ang Blumentritt-PCP, na nasa ilalim naman ng Manila Police District Station-3.

Bunsod nito, upang makatiyak ng mababang crime rate ay naniniwala ang opisyal na dapat ay maluwag, maayos at malinis ang sentro o main concern area ng kanilang hursidiksiyon.

Masusungkit ang maaliwalas na kapaligiran sa pamamagitan umano ng pagpapaiиral ng disiplina.

Kabilang rito ang pagdidisiplina sa mga sidewalk vendor na pagbibigay sa mga ito ng kanilang tamang lugar o puwesto.

Sa mga pumapasadang tricycle ay ipinaabot ng kapulisan ang tamang disiplina at maging sa mga pampasaherong sasakyan.

Magreresulta umano ito ng maayos o maluwag na daloy ng trapiko para sa kumbinyente ng lahat.

Bukod pa ay mas malaking tulong ito upang madaling mamatyagan ang kilos ng mga nagbabalak na gumawa ng krimen o masama. **MIOS KIE**



**Bacoor Mayor Lani Mercado Revilla leads inauguration of new fire sub-station.**

**Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla has led the blessing and inauguration of the newly built fire sub-station in the city.**

**The opening of the Green Valley Fire Station coincided with the celebration of the 347th founding anniversary or Bakood Festival.The said fire station is located just within the compound of the Green Valley, San Nicolas 3, Bacoor City.**

**The occasion was attended by SUPT DOUGLAS M. GUIYAB, RN, MBA, Cavite Province Fire Marshall and CSUPT JESUS P FERNANDEZ, CESE, Regional Director of BFP R4A.**



**SIGN LANGUAGE PROGRAM.** Students and Special Education teachers learn sign language together in a series of sessions after the flag-raising ceremony at Bagong Pook Elementary School in Trece Martires City. The Department of Education in Cavite has launched the sign language skills program in all public schools with SPED Centers in the province to step up inclusive education. ***(Photo courtesy of Ma. Victoria Maligayo)***



Puspusan ang ginagawang pag-aalis o nirereker ang mga sasakyan na naka-parking na ilegal sa kalsada ng Barangay Traffic Assistance Group (BTAG) ng Manila City Hall sa pamumuno ni Ginoong Allan Elvis Patao ng Office of the Director, Internal Affairs Division. **(Freddie M. Manalac)**



**MAAGA** pa nang magsagawa ng programa ang grupong Socilista upang ipagsigawan ang hinaing ukol sa Martial Law at pagpapahirap ng Train Law sa publiko. **(Christian Heramis)**



**HANDS ON'** Mismong si Manila Police District Director Rolando Anduyan ang nag-inspeksyon sa Mendiola Area kung saan naka talaga ang mahigit isang libong kapulisan na nakaantabay sa paligid ng Malacanang. **(Christian Heramis)**



₱41,600.00*
Maternity Benefit ko.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM




₱57,600.00*
Sickness Benefit ko.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM




E-POWER MO
E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE
We have the Energy Ability.
Tamang pag-iingat, pag-aalaga, at diskarte.
May abilidad tayong mapanatiling sapat para sa ating mga pangangailangan ang Enerhiya ng Ating Bayan.
#EPowerMo
doe.gov.ph
Department of Energy